# Pedagohiya ng Panitikan at mga Bagong Anyo ng Midya

**Rolando B. Tolentino**

Hindi naman bago ang midya ng pelikula, musika, at iba pang tekstong pangmidya. Matagal nang naimbento ang mga ito. Ang bago ay ang paggamit sa midya bilang kasangkapan sa pagtuturo ng panitikan. Sa panahon ng *filesharing* at *downloading*, *film,* at *music piracy*, pati na rin ang pagpasok ng abot-kayang DVD player, MP4, at *portable media player*, *internet surfing*, at maging *malling*, malamang kaysa hindi na, ay kapado kundi man may pasilidad na ang estudyante kaysa guro sa pag-agapay sa bagong teknolohiya.

Ang sanaysay na ito ay para sa makabagong pag-unawa ng midya sa hanay ng guro. Paano ito produktibong magagamit sa pagtuturo ng panitikan? Paano nito binibigyan ng bagong depinisyon ang konsepto ng panitikan? Paano ito mas makapag-uugnay ng kabuluhan sa buhay ng mag-aaral? Kung gayon, paano isinisiwalat ng midya at panitikan ang ugnayan nito sa lipunan at kasaysayan?

Imbes na isa-isahin ko ang mga partikular na katangian ng bawat midya, ilalahad ko muna ang kolektibo nilang ipinagkaiba sa naunang teknolohiya ng nakaimprentang panitikan. Ang nakaimprentang panitikan ay nangangailangan ng intelektuwal na kapital para magkaroon ng disiplina sa pagbasa sa panitikan: ano ang mga katangian nito—banghay, kinakausap, buod, tunggalian, resolusyon, at iba pa. Na nakasalig din sa pangangailangan ng intelektuwal na paggawa para maunawaan ito: ang malaking igpaw ng mga salita tungo sa pakiwari tungo sa pag-unawa ng ugnayan ng akda sa sarili, lipunan, at kasaysayan.

## Panitikan vs. midya

Ang lamáng ng midya sa panitikan bilang mas bagong teknolohiya ay ang awdiyobiswal na persepsiyon, pag-aako, inter-aktibidad, datíng, mas hayagang kalakarang kapital, at modernong indibidwalidad. Una, ang paraan ng pagtunghay, produksiyon, at resepsiyon ng midya ay sa pamamagitan ng awdiyobiswal na persepsiyon at aspirasyon. Ang produksiyon ay nakatuon sa malinaw at direktang pagkausap ng nagsasalita sa akda tungo sa tumutunghay nito. Ang tumutunghay ay naaapektuhan sa awdiyobiswal na paraan. Kung pelikula ito, sa loob ng isa't kalahating oras sa *romance comedy*, ang manonood ay mai-*inlove*, mafo-*fallout of love*, at muling iibig *forever-and-ever*. Sa tunay na buhay ay hindi ganito.

Kahit na kanta ito sa radyo, ang awdiyo na salik ng midyang teksto ay nakapupukaw ng damdamin at isip ng tagapakinig. Mag-e-*emo* siya sa emo na kanta, galít sa

alternatibong musika, romantiko sa balada, at iba pa. At sa kalakhan ng pakikinig, makapagpapaunlad na siya ng mga marka ng kaniyang preperensiya, na siyang bubuo ng kaniyang indibidwalidad. Ang awdiyobiswal ay makapangyarihang pagsasanib ng puwersang indibidwalidad na hindi matatagpuan sa sinaunang teknolohiya ng nakaimprentang panitikan. Mas liberal ang proseso ng pagiging bahagi ng tekstong midya kaysa eksklusibong disiplina ng panitikan. Kung iisipin, dahil naging pang-araw-araw na teknolohiya ang midya, wala pa nga itong lubos na pagdidisiplina.

Ang kapangyarihan ng awdiyobiswal ay makapagpapaigting ng emosyon. Tulad ng organikong mundo ng panitikan, ang midya ay mayroon ding paglikha ng sariling kapani-paniwalang mundong paghahablutan ng emosyon. Pero hindi tulad ng organikong mundo ng panitikan, higit na napapaniwala ang tagapakinig, manonood, at tumutunghay sa midya sa pagiging kabahagi at kapanalig niya sa tekstong midya. Si Ted Failon ay hindi lamang ahensiya ng tagapaghatid ng balita ng ABS-CBN, ang pinakamalaking *conglomerate* ng midya sa bansa. Dahil siya ay araw-araw na natutunghayan sa gabing balita, siya na dating kongresista, ay naging personalidad sa mga tahanan ng tagapakinig ng balita. Ang personalisasyon kay Failon ng mismong midya, ang siya ring personalisasyon ng tekstong midya sa pang-araw-araw na buhay at indibidwalidad ng tumutunghay sa kaniya. Kaya siya ay nagiging balitang nakasasapaw pa nga sa mas mahahalagang balitang may direktang kaugnayan sa lagay ng mamamayan, tulad ng global na pang-ekonomiyang krisis.

At ito ang pag-aako sa tekstong midya ng tumutunghay. Ginagawang personalisado ang *mass product* at masmidya. Ang kapangyarihan ng tekstong midya ay ilahok ang pagtunghay sa pag-unawa ng isinasaad—ang mensahe—at ang implikasyon nito sa tumutunghay: hindi kompleto ang sarili kung hindi aktuwal na nakakapag-ugnay sa tekstong midya. Ang pormasyon ng sarili ay kaakibat ng pormasyon ng mensahe sa tekstong midya. Kulang ka kapag hindi ka nag-Metathion. Makokompleto ka lamang kapag nag-Centrum ka araw-araw. Hindi lulugay ang buhok mo, at hindi ka magiging sentro ng atensiyon ngayong tag-araw kapag hindi ka nag-Cream Silk. Ang rekognisyon ng pangalang pantangi ay pagkilala sa kuwentong makapagpapabuo sa sarili. At ang sarili ay boluntaryong aako sa tekstong midya. Nagagawa ito dahil ang sarili ay humahalaw rin naman ng impetus sa pang-araw-araw at pangmatagalang aspekto ng buhay sa pamamagitan ng tahimik na pagkilala sa kaniyang sariling walang hanggang kakulangan, o ang tinatawag na *primordial lack* sa sikoanalisis. Kaya mo raw ginagawa ang ginagawa mo nang labis-labis—ang matinding pagkagalit o konsumisyon sa maliliit na bagay, o ang hindi pagpansin sa malalaking bagay kahit na halatang apektado naman—ay dahil nga sa malalim na pagkatago ng trawma ng separasyon bilang kulang na sarili mula sa maligayang kaisahan sa piling ng ina.

Hindi napapansin ang kakulangang ito sa pang-araw-araw. Bagkus, tinatapalan pa ng lente ng kasiyahan ang pagdulog sa pang-araw-araw. Halimbawa, inaalaala lang ang kasiyahan dulot ng panonood ng sine o pagbili ng bagong selfon, hindi ang pasakit at pighati ng ilang oras ng pagtatrabaho—o pangungupit o pagnanakaw at ang

panganib na mapaslang—o ang karanasan bilang sa negatibo nitong pagdanas. Masaya ang mundong likha ng tekstong midya kahit pa ito ay tungkol sa paggunaw ng mundo, pagpapatiwakal at ang dominasyon ng kapangyarihan ng kadiliman. Dahil sa huli, sa moral na uniberso ng tekstong midya, mas madalas na magtagumpay ang inaapi sa kaniyang mang-aapi. At ito ang mas higit na kikilalanin ng tagatunghay dahil dito napapanatag ang sarili, dahil nga dito siya nabubuo at nakokompleto sa sandali ng identipikasyon.

Kahit pa mito lamang ang mga relasyon na ito: ang tekstong midya sa tumutunghay na hindi naman talaga ginagawa ang akda para sa iisang indibidwal, at ang indibidwal sa kaniyang sarili na lampas sa saglit ng kagyat na kaluguran ay wala namang mahigpit na kapit ang indibidwal sa sarili. Bukas ang sarili sa sarili nitong nakatagong *primordial lack*, at ang posibilidad ng *displacement* nito, kahit pa panandalian lamang, ng akto ng pagtangkilik ng tekstong midya. Bukas ang sarili dahil ibinubukas ito ng katangian ng inter-aktibidad ng tekstong midya—ang kapasidad nitong lumikha, kahit sa guniguni nito, ng sariling tumatangkilik na publiko. Lampas pa sa sarili, ang tekstong midya ay lumilikha ng pamayanan at komunidad. Nagagawa ito ng pagpukaw ng teksto sa direktang pag-adres sa tumutunghay bilang kapamilya at kapuso, *endorsement* at pagganap ng mga kilalang artista lalo na ang may ikonikong estado, sa *omniscient* na sinematograpiya na mas higit na nagsisiwalat ng impormasyon at eksenang hindi lubos na natutunghayan ng mga karakter, koro na ismarte ang titik at mas nakakaengganyo ang musika, *sound-bytes* na mensahe ng komersiyal, persona ng tekstong midya na parang personalisado ang datíng, at iba pang kasangkapan sa pag-aako at pagmumundo.

## Personalisasyon ng datíng

Sa *reality television*, nakakaboto sa text ang manonood sa kandidatong gusto niyang suportahan at ilaglag. Bukod pa ito sa paglikha ng mundo ng peligro sa "Survivor Philippines" at "Fear Factor," o personalisasyon ng mga kalahok na sa simula ay hindi naman kakilala, tulad sa "Big Brother" at "Philippine Idol," pero sa huli ay ginagaya na ang pananamit, pati na ang paggastos sa kontestant na inaakalang pinakamagaling at pinakamoral sa natitirang kalahok. Sa internet, ang pagpasok sa mundo na may *parallel* na lipunan at panahon: sa *gaming*, ang pag-ako ng iba't ibang katauhan sa sabayang pagtahak ng mundong iinugan ng pagpupuntos, peligro, at kamatayan, kalahok ang daan-daang manlalaro sa iba't ibang panig ng mundo; sa Facebook, ang daan-daang kaibigang nakatutunghay kung ano ang kasalukuyang ginagawa at pinagkakaabalahan; sa blogging, ang isyu't konsern, pati retrato, sa paglikha di lamang ng mundo ng blogger kundi ng komunidad na babasa rito. Makapag-iiwan ng komentaryo, *thumbs-up*, *poking*; puwedeng tanggapin o bayaan ang gustong maging bahagi ng sosyal network; puwedeng magpadala ng *virtual gifts*, tulad ng Pinoy pasalubong, Japanese drinks, Marxist gifts, at iba pa sa internet.

Nang makipag-unahan ang Amerikanong artistang Ashton Kutcher sa CNN para sa milyong kasapian sa bagong pook ng ugnayang panlipunan na Twitter, ipinaliwanag niya ang kaniyang lohika na ang indibidwal ay maaari nang tumapat sa malalaking korporasyong pangmidya. Sa pamamagitan ng internet, ang mito ng pag-aako ay

naisasaganap sa konsolidasyon ng ako sa kaniyang birtuwalidad at birtuwal na komunidad. Mas aktibo ang birtuwal na identidad ng ako, mas may kagyat na pangangailangang mapunan ang sarili, at iugnay ang sarili sa birtuwal na mundo, na parang usapin ng buhay-at-kamatayan ang ugnayang ito. Tingnan na lang halimbawa ang mga estudyanteng hindi mapakali kapag nakatanggap ng text, na kahit pa ito spam lang ay hindi ito makakapagpokus sa klase hanggang hindi nasisilip kung sino ang nagtext at ano ang itinext. Madalas, patago pa nga itong sasagot dahil sa inter-aktibong kasanayang natutuhan na rin niya sa dalas ng gawi—na magsisiwalat ng kapasidad ng inter-aktibo sa *multitasking* o ang kapasidad nitong makinig ng musika sa ipod, magtext, mag-download ng musika, mag-upload ng retrato sa Facebook, gumawa ng asignatura, mag-surf, at iba pa nang sabay-sabay o halos sabay-sabay.

Na mistulang henerasyonal ito dahil ang nakatatanda sa mga bagong teksto at teknolohiyang midya ay hindi lubos ang pagkaagapay. Hindi ako makapagtetext habang naglalakad, pero hindi makapagtetext habang nagmamaneho ang mas matanda sa akin. Hindi ako nakapagtetext habang may kinakausap, pero ang mas bata sa akin ay nakakapagtext, nakaiinom, nakapagkukuwentuhan sa mga kasamahan sa mesa na parang walang pagkabalam sa aktuwal na oras. Pero higit pa rito, ang inter-aktibidad at multitasking ay kaakibat ng operasyon mismo ng teknolohiya. Ang selfon ay hindi na ginawa bilang midya ng portabol na teleponong makatatawag sa kahit anumang lugar. Sa Filipinas, kolektibo itong ginagamit bilang pagpapadala ng SMS (short message service) kaysa mas mahal na gastos na makatawag. Hindi nga ba't ang volyum ng *texting traffic* sa bansa ay tatlong beses ang laki sa European Union? Bukod pa rito, ang selfon ay lalagyan din ng *address book*, *appointment schedule*, *alarm clock*, *digital camera*, *video camera*, *digital television*, *currency converter*, simpleng laro, at iba pa.

Ang kalakaran ng *mass technology* ay gawin itong personalido ng nagmamay-ari. Iba ang kaniyang *screensaver*, *ringtone*, laman ng address book at kalendaryo, iba ang mga retratong nakaimpok, maging ang mga video. Ang isang modelong bumenta ng daan-daang libong piraso ay magkakaroon ng daan-daan libong personalisasyon. Na kapag nawala ito, nakalimutan o mas masaklap, nanakaw, mistulang pilay ang sarili dahil mawawalan ang sarili ng ugnay sa kaniyang piniling komunidad. Ang komunidad sa midya ay pinili niya at pinili siya—pinili niyang maging bahagi ng mga social networking, Yahoo Messenger, bumuo ng sariling komunidad sa iba't ibang grupo, at iba pa; at pinili rin siya dahil peryodiko ang anunsiyo ng mga *e-group*, *blogging site*, *spam mail*, *porn site,* at iba pa. Naroon ang mga grupo bago pa man buksan ng tumutunghay ang internet. Naroon na ang genre sa pelikula, ang estudyo at indipendiyenteng sistema ng moda ng produksiyon, pati ang industriyal, sariling sikap, at pirata na moda sa produksiyon ng musika, at iba pa bago pa man matuklasan ito ng tumutunghay. Nalikha na ang mundo bago pa man siya lumahok, at pati ang pagdanas sa mundong ito—kung ano ang magiging relasyon ng tumutunghay sa tinutunghayan at pabalik.

## Pormasyon ng sarili at komunidad

Ang pormasyon ng sarili at komunidad ay pagmumundo dahil binibigyang ngalan nito ang mundo (blogging, surfing, website, e-groups, poking, eb, seb, at iba pa), ang tumutunghay (user, user's name, email address, blogger, surfer, at iba pa), at pati na rin ang paraan ng pagdanas (birtuwal, inter-aktibo, multitasking). Ang ahensiya ng indibidwal ay pinalulutang sa moda ng pagdanas ng karanasan sa midya bilang nasa *realm* ng kasiyahan. At ito ang engganyo ng pormasyon naman ng komunidad—ang kolektibong pagdanas at pagdawit ng kasiyahan, at kung gayon, tulad sa antas ng sarili, ang pagsasantabi ng realm ng pasakit at pighati sa pagdanas ng tekstong midya. At dito nagmumula at bumubulwak ang datíng (affect) sa indibidwal.

Ang datíng ang panlipunan at historikal na epekto—panlipunan dahil nadadanas ito ng kolektibong nakalahok sa karanasan sa midya, at historikal dahil sa pag-unlad ng teknolohiya at midya sa iba't ibang yugto ng kasaysayan. Ang sine noon ay kaiba sa sine ngayon hindi lamang dahil nagbago ang konsepto ng sine, kundi dahil nagbago na rin ang teknolohiya ng paggawa at pagtunghay nito: mula simpleng *special effects* tungo sa makabagong *graphic effects* dulot ng pag-unlad ng teknolohiya, pati na rin ang transisyon mula sa *stand-alone theaters* tungo sa multiplex na nakalunan sa pinakamataas na palapag ng mga mall. Ang datíng ay ang pakiwari sa karanasan sa midya. Paratihan, may pagkalula at pagkawala sa mga unang pagpasok sa tekstong midya. Paratihan din, sa ritwalisasyon ng pagdanas sa tekstong midya, nagiging kabahagi na ang mga ito—personalisado, domestikado, at pang-araw-araw.

Ang una ay madalas maalaala dahil may pagtatangi ito: unang beses nanood ng pelikula, unang pagkokompiyuter, unang pag-chat, unang pagkakaroon ng selfon, unang beses magtext, o unang pag-e-seb (sex eyeball), halimbawa. Pero matapos nito, ang lahat ng alaala ay nakabakat lamang sa yugto ng sandali. Sa sandali lamang ng kasalukuyang paggamit naalaala ang sineng pinapanood, text na binabasa, at iba pa. Matapos ay may *delayed reaction* na, o ang pagbukas ng pinto ng amnesia, dahil wala nang datíng. Ang datíng ay masaya lamang dahil sinasambit nito ang pangako ng pangmatagalan at sukdulang pagdanas ng kasiyahan. Ang kagyat na kasalukuyan ay pangmadaliang pagdanas ng kaligayahan, at nagpapagunita sa posibilidad ng pangmatagalan nitong pagdanas sa hinaharap kahit alam pang hindi naman ito darating.

Matapos ng unang yugto, ang datíng ay dinadanas na lamang sa kasalukuyan, sa akto ng pagtunghay sa teknolohiya ng midya. Hindi na ito nalulula at nawawala, kapado na niya ito at may kakayahan na siya ng birtuwal, inter-aktibo at multitasking na pagdanas sa tekstong midya. At sa pagiging laos ng teknolohiya, nagiging laos na rin ang kapasidad ng dati niyang kasanayan hinggil dito. Pumapanaw na rin, hindi na lamang amnesia kundi tuluyan nang pagbabasura, ang karanasan sa pagpanaw ng lumang teknolohiya. Ang hinuhudyat ng datíng sa midya ay ang pagkabawas, pagkamanas, at pagkabatong dulot ng kakulangan na itong makapagpaigting ng emosyon at pag-iisip. Wala nang lubos na nakasisindak na bagong tekstong midya. Nagbabago na lamang dulot ng pagbabago ng mismong teknolohiya. At sa pagitan nito, nagiging wala nang kadatíng-datíng ang datíng. Naging domestiko, pang-araw-araw, at intransitibo ito.

Dalawa ang nangyayari. Una, ang bago ay lalabas na lamang sa mismong tekstong midya. Ang posibilidad na makapagpaigting ay nasa poder na ng mismong teksto, hindi ng mismong midya. Ikalawa, ang reiterasyon ng bago ay ipinapangako ng ritwalisadong pagtunghay sa tekstong midya. Umaasa ang tumutunghay na makasasagap at makadadanas siya ng bago sa datíng—imbes na paghina nito—dahil nga sa orihinal na pagdanas ng bago at ang relasyon nito sa domestikasyon sa ritwalisasyon. Ang agam-agam na darating ba o hindi ang inaasahan—kung ano man ang realisasyon nito—ay tampok sa kung bakit nagpapatuloy pa rin ang tumutunghay sa dumanas ng bawas at pagkamanhid na dating. Ang ligaya, kung gayon, ay nasa pag-aantay. Ang bawat sine, text, pagsagot ng tawag, pagbukas ng email, pagtsa-chat ay antisipasyon sa realisasyon—"This is it!" gayong hindi naman talaga—kahit pa ang antisipasyon ang pinakamoda na ng pagdanas.

## "This is it!"

"This is it!" kahit "This is not it." "This is it!" dahil lahat naman ay pagkakataong "This is it!" Ang isinasaad nito ay ang ugnayan na rin ng tekstong midya sa kapital. Para na itong sugal, tumatayâ sa antisipasyong manalo. At ang bawat pagtayâ ay kinakailangan ng kapital. Kailangan ng pera para makapagtext, makapabili ng selfon, makatanggap ng tawag, at iba pa. Hindi libre ang tekstong midya, kahit pa ito pinipirata, ilegal, bawal, o hindi katanggap-tanggap sa moral na uniberso. At handa ang lahat na magbayad, tumaya, umasa, at magtrabaho para may pambili bilang antisipasyon sa posibilidad na manalo. Talo na nga kapag walang akses sa makabagong midya na kahit libre ang palabas sa telebisyon, kailangan pa rin ng pera na pambili sa telebisyon. Mas taluhan kapag mayroon kang telebisyon pero wala kang pambayad sa koryente, walang pambayad ng buwanang *cable access*, walang pangkompone ng sirang telebisyon. May selfon ka nga pero kung wala ka namang load, minimal ang natural na halaga nito sa may-ari ng selfon.

At hindi lamang akses ang isinasaad ng datíng at pinansiyal na yaman. Pati ang pagmumundo ay sinusustansiya ng kapital. Kung walang kapital, walang akses sa mundo ng kapitalismo. Kapital ang inherikong nagpapakilos ng pag-unlad ng teknolohiya, midya, at tekstong midya. Bagama't maaaring sabihin na ang paglalathala ng teksbuk ay isang anyong pinaunlad ng kapital, at maging ng relasyon nito sa sistemang edukasyon at iba pang aparato ng opisyal na pagsasabansa—korupsiyon, kakulangan ng klasrum at bilang ng libro, maging ng akses sa kompiyuter at internet—may kalinawan, dahil ang pangunahin at sekundaryang edukasyon ay ikinokonsidera bilang responsabilidad ng gobyerno na kahit papaano ay pondohan ito. Sa tersiyaryong edukasyon lamang nagpapalit ang kalakhan ng pag-aari sa mga institusyon—mula sa gobyerno tungo sa pribadong sektor. At kung gayon, masasabing habang tumatanda sa sistemang edukasyon sa bansa, lalo itong nagiging komersiyal.

Ang midya ay mas nakasalalay sa pribadong pang-ekonomiyang kapangyarihan ng indibidwal. Para magkaroon ng akses sa sine, internet, cable channel, at iba pa, kailangan ng panimula at peryodikong kapital. At kakatwa, na hindi tulad ng aktuwal na pinansiyal na kapital, hindi naman kumikita itong investment. Ang motibasyon ay

hindi para ito tumubo, kundi para magkaroon ng akses sa kultural at intelektuwal na kapital na magbubunsod ng akses sa sosyal at aktuwal na pinansiyal na kapital. Nagagawa ito ng teksbuk pero sa limitadong paraan—dahil nga responsabilidad ito ng gobyerno, may inaasahang kapantayan ng akses sa teksbuk sa pangunahin at sekundaryang level, kaya pantay dapat ang lárang ng laruan. Para magkaroon ng komparatibong bentaha sa iba pang estudyante nakapaloob sa sistema ng edukasyon, kani-kaniya itong pagtataya at pagpupursigi. Sa kalaunan, mas maraming pinansiyal na kapital, mas maraming mabibiling akses sa kultural at intelektuwal na kapital na higit na magtitiyak ng sentralisasyon ng kita sa dati nang maykaya rito. At tulad ng mito ng indibidwalidad, ang mito ng edukasyon at midya ay isinisiwalat rin bilang batayang pangangailangan para sa panlipunang mobilidad.

Na pasók din sa ikalima't huling pangkalahatang katangian ng tekstong midya—ito ay reapirmasyon ng modernong indibidwalidad. Ang mga batang di pa nakapagbabasa pero kaya nang magpaandar ng *cursor*, may selfon at nakapagtetext na sa kanilang yaya, kaya nang manood ng sine kasama ng kanilang maliliit na kaibigan sa ligtas na lunan ng mall sa sinehan, kaya nang makipag-chat at internet surfing ay tumataginting na salik sa pagbuo ng modernong indibidwalidad. May sariling sikap sa pagpapaunlad ng sariling kakayahan sa makabagong teknolohiya, at ito na marka ng modernidad ay dulot ng kakayahan ng indibidwal na makabili, kundi man, magkaroon ng akses sa makabagong midya at teknolohiya. Nabago ang kumpigurasyon ng modernong indibidwalidad nang 10 milyong mamamayan ang naging OCWs at nagkaroon ng pinansiyal na kapital para makabili ng akses at teknolohiya ng midya.

Usapin ang midya ng pag-uugnay ng pangmalayuang relasyon—pagnananay, at pagtatatay, pagiging kuya at ate, nakababatang kapatid, asawa at anak sa malayong lugar—at instrumental ang tekstong midya sa kanilang regular na komunikasyon. Dati ay *voice-tape* ang midya na ito, ngayon ay internet at kompiyuter, pati ang texting at selfon, ang lunsaran ng peryodikong komunikasyon kahit hindi pa nalalaos ang sulat at koreo. Binabago ng makabagong midya ang materyal na pundasyon ng pagbubuo ng sarili, pamilya, at komunidad. At nagluwal na rin ito ng sarili niyang pagwiwika sa bagong mundo. Tunghayan na lamang ang text bilang tekstong midya. Modernong mga karanasan ang tinatahi ng tekstong midya, kasama ang paraan ng paglalahad at pagsisiwalat nito.

## Pormasyon ng estado sa pang-araw-araw

Ang modernong indibidwalidad ay paukol sa uri ng pagkatao at pagkamamamayang akma sa kasalukuyang panahon at lipunan. Ang politikal at ideolohikong aparato ng estado—ang gobyerno at malalaking negosyo—ang pangkalahatang mapa ng kapangyarihang humuhulma ng modernong pagkatao. Pero ang kasalukuyan—ang orkestrasyon ni Gloria Arroyo, halimbawa, at negosyo nina Ayala Zobel at Henry Sy, lalo na sa panahon ng global na krisis—ang partikularidad ng mapa ng kapangyarihan. Ang pagsasanib nitong makro at mikro na kalakaran ng pagsusuri ang magbibigay sustansiya sa kritisismo ng tekstong midya. Makro dahil isinisiwalat ng tekstong midya ang panlipunan at historikal na sirkumstansiya at kondisyon ng

bansa, kasama ang transnasyonal na ugnay sa bansa; mikro dahil iniuugnay ng tekstong midya ang pang-araw-araw na pagpapatagos ng makro na estruktura, kabilang dito ang proseso ng domestikasyon, naturalisasyon, at unibersalisasyon ng karanasan. Isinisiwalat din ng pagsusuri ng mikro na kondisyon ang kondisyon ng pagbabalikwas, kalakhan sa pang-araw-araw din na antas.

Sa ganitong pag-unawa ng pangkalahatang katangian ng tekstong midya masasapol ang kritisismo nito. Mahalaga ang pagtuturo ng tekstong midya dahil sapol ito sa kasalukuyang karanasan ng mga estudyante. Tunghayan ang reaksiyon nila kapag nadadala ang usaping malling, gaming, internet, paboritong artista at kanta sa loob ng klasrum. Halos mangiyak-ngiyak sila, hindi makahinga sa *excitement*, sa integrasyon ng kanilang interes sa kabuluhan ng panitikan bilang disiplina, ang lehitimasyon ng kanilang tinatangkilik na tekstong midya bilang arena ng malalimang talakayan at pagsusuri. Sa totoo lang naman, hindi naman ito tinatalakay ng mga klasikal na akdang itinuturo natin sa klase. Gayumpaman, maaari pa ring iugnay ang mga isyu ng tekstong midya  sa naunang mga panitikan. Halimbawa, paano magbabago ang kuwento ng *Noli* at *Fili* kung mayroon nang texting at selfon noong panahon? Mahalaga, sa palagay ko ang usaping ito, dahil magkakaroon ng pag-unawa sa komunikasyong proseso, pati ang kognitibong rekognisyon, kung bakit napapanahon ang pagbabagong panlipunan, kung paano magbabago ang korelasyon ng mga tao at bagay sa kondisyon dati at ngayon sa pangangailangan ng pagtataas ng kamulatan bilang ahensiya ng pagbabago.

Kung gayon, ang isinisiwalat ng tekstong midya ay ang alternatibong kondisyon sa naunang mga akdang itinuturo sa klasrum, kung paano magmamaniobra ang kalagayan batay sa *availability* noon ng makabagong teknolohiya. Sa pag-*fast forward*—paglalagay sa yugto ng kasalukuyan—nagkakaroon ng kabuluhan ang akda, isama man ang midya sa usaping ito o hindi. Sa *automation* na inaalok ng tekstong midya—ang regularisasyon at subersiyon nito—ay isinasaad ng pagsusuri nito. Sa pamamagitan ng pagpapaloob ng usapin ng tekstong midya sa mga batayang katangian nito maisisiwalat ang pagplantsa at lukot ng mga teksto sa relasyon nito sa kapangyarihan. Ano ang isinasaad ng tekstong midya hinggil sa mga aparatong pang-estado? Paano ito nananaturalisa? Paano rin, sa mismong teksto, binabagtas ang kontradiksiyon, kung paano naman binabalikwas ang mga hinahapag nitong kalakaran ng kapangyarihan at naturalisasyon?

Ang panahon ng pagsusuri ay paratihang sa kasalukuyan—kung ano ang sinasambit ng produksiyon at resepsiyon, parehong nagsasaad kung paano nalikha ang teksto sa kondisyong isinaad ng mga katangian. Mahalaga ang panahong ito dahil isinisiwalat ang hayagan at nakatagong ugnay ng teksto sa mga praktis at kaisipan hinggil sa kasalukuyan. Na kahit pa nga ito ukol sa nakaraan, kagyat na nakaraan naman ang sinasambit, at ang posibilidad nitong mabasa sa lente ng kasalukuyan—kung paano itong nakaraan ay dumadaloy at nababalaho sa kasalukuyan. Kung titingnan natin ang pelikulang *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* (Aureus Solito, 2005), ang makitid na mundo ng mga nakatira sa iskuwater ang lokasyon ng pelikula, na hindi hiwalay kung paano binalangkas ni Lino Brocka ang kaniyang

makabuluhang pelikula: nagsisiksikan, masisikip ang lugar, nanggigitata sa dumi sa labas at pawis sa katawan. Kay Brocka, ito ay nakikipag-usap sa "*claustrophobic feel*" sa panahon ng diktadurang Marcos. Kay Solito, ang preserbasyon ng masikip na pakiwari bilang pagsasaad na hindi naging makabuluhan ang People Power I at II para mapagbanyuhay ang buhay ng mga abang mamamayan. Magkagayon man, magkatulad ang pelikula sa pagsasaad ng kagandahan laban sa pasismo ni Marcos at lampas kay Marcos, na ang umanidad ng abang mamamayan at ang pakikibaka nila para magkaroon ng disenteng buhay at lagusan sa kanilang predikamento ang sentimyento ng pelikula. Sa pagitan ng dalawa hanggang tatlong dekada, nag-uusap pa rin ang mga pelikula.

Na hindi rin hiwalay sa trahedya ng buhay ng kuwentong "Tata Selo" ni Rogelio Sicat, na kahit bumulusok ang buhay ng magsasaka sa kaniyang pagkatortiyur at pagkakulong, naroon pa rin ang pagkataong niyuyurakan at pinagmimistulang wala ng daan-daang taóng karanasan sa piyudalismo. Sa mga kawing ng panitikan.com.ph, matatagpuan ang ilang websayt ng mga manunulat na sina Virgilio S. Almario at Jose Lacaba. Pati ang sayt ni Bienvenido Lumbera ay nasa blog espero din. Marami sa kanilang akda, kasama ng kanilang kritisismo, ay nasa internet para sa higit na diseminasyon sa birtuwal na publiko. Marami sa mga tema ng kanilang akda ay nasa idea ng pagbibigay-representasyon sa abang lagay ng mamamayan. Sa pelikula ni Solito, ang pamilyang binubuo ng kalalakihan, maliban sa bunsong si Maximo, ay malimit mga magnanakaw ng selfon. Paano nangyari ito na nagkaroon ng espesyalisasyon ng magnanakaw ng selfon? Bakit selfon? Bakit nagkaroon ng *entitlement* na magnakaw ng selfon? Sino ba ang nagsabing ang maykaya lang ang may karapatang magkaselfon? Ano ba ang pakiwari na walang selfon?

## Tekstong midya, tekstong kontradiksiyon

Maraming posibilidad ng matikas na ugnayan ang isinisiwalat gamit ang tekstong midya, at ang paglalapat ng pagsusuri batay sa pangkalahatan at espesipikong katangian ng mga midya. Ano ang ipinapalimot sa panonood ng pelikula, lalo na ng komersiyal na sine at Hollywood? Paano nililikha ang identipikasyon sa manonood ng mga karakter at naratibo ng pelikula? Paano ito naiiba sa pagpili ng birtuwal na identidad sa computer gaming o pagtsa-chat sa internet sayt? Bakit binabago at nababago ang identidad? Paano inaako tayo ng sine, kanta, at internet? Paano rin natin inaako ang mga espasyong pangmidya? Paano tayo nagiging ako at tayo sa mga tekstong midya?

Ano ang posibilidad ng pagdanas ng karanasang buhay sa bagong teknolohiya? Ang makipaghiwalay o lumigaw gamit ng selfon, ang makipag-eb sa mall na gamit ang birtuwal na identidad at pisikalidad, ang mag-anunsiyong mamamatay na ang mahal ilang minuto bago mangyari ito sa pamamagitan ng selfon, ang makatanggap ng biblikong mensahe sa panahon ng pagiging lugami? Ano ang pinanatili sa inbox? Ano ang dini-*delete*? Paano nagkaibang magtext at mag-imbak ng mensahe ang babae at lalaki, ang heteroseksuwal, bakla at lesbiana? Bakit may selfon pa rin ang

katutubo o mangangalahig sa Montalban *dumpsite*? Tila walang katapusan ang bawat detalye na nagsasaad ng ano, bakit, at paano?

Sa isang search para sa "cellphone anecdote Philippines," heto ang lumabas (mula sa http://palawananecdotes.com/to-be-a-filipino/):

1. Two words: Mengo juice.
2. On your wish list, Magic Sing is higher up than the iPod.
3. "At the end of the day", "That being said", and "Irregardless" (is that a word?) are always mentioned in your conversation.
4. You feel that life was better when the past president was in office ummm… irregardless of who is in office and who was the past president.
5. Yahoo Messenger is always on in your office computer. As well as Globe Chikka.
6. Your office computer is still running Windows 98 without the updates.
7. Load is not heavy. It's costly.
8. You have at least applied once in a Call Center.
9. Your coffee drink is Mocha Frappuccino.
10. When the government warns that a nearby volcano will erupt you ignore it. When a psychic mentions that an earthquake will happen at 5pm, you panic.
11. You're angry about government corruption but angrier if the cop doesn't accept your bribe and still gives you a ticket.
12. Your brand spanking new nose job was done by the beautician in the nearby salon.
13. Badminton is your latest sport.
14. Your cellphone is more a camera than a phone.

May mga bagay na ginawa na ginagamit para sa ibang bagay. May mga bagay na bagay lamang kapag sa isang partikular na kasalukuyan. May kasalukuyan na nangyari sa dati pero madali pa ring maunawaan kung bakit bahagi ng kasalukuyan. May mga bagay na nakakatawa dahil nakakaiyak. May mga bagay na nakakaiyak sa konsumisyon na wala ka nang ibang magawa kundi tumawa na lamang. At ito ang wika at kapangyarihan ng tekstong midya—ang sabayang magsabi at hindi magsabi, kumutya at pumuri, pamailanlang sa kasalukuyan at lampas pa rito, ang mga bagay sa mali nitong gamit at sa ibang konteksto, ang buhay at pagkatao sa kasalukuyan, ang kasalukuyan bilang dalumat ng kung ano, bakit, at paano. Na kung hindi mo makuha, hindi ka *in*, at kung hindi ka in, *out* ka; kung out ka, at hindi ka naman bakla, walang posisyon ng pakikiisa sa tekstong midya; pero kung out ka at gusto mong maging in, para ma-gets, i-forgets na lamang ang lahat ng bagahe tungkol sa katanungan sa lehitimasyon ng tekstong midya. Tulad ng mantra ng alternatibong politika: it is queer, it is here, it is here to stay (kahit temporal na kasalukuyan lamang).

## Sanggunian

Solito, Aureus, Dir., 2005. *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros*. Nathan Lopez. Cinemalaya Productions.